



Ang Katagumpayan sa Trabaho

NOTES

WARM-UP

- Kung makakapamilya ka kung kanino ka magtatrabaho, sino ang pipiliin mo? Bakit?
- Anong mga gawaing bahay ang itinuro sa iyo noong ikaw ay bata pa? Ano ang mga nagugustuhan mo at ano naman ang ayaw mo sa trabahong ito? Bakit?
- Ano ang pinakamahirap na trabaho na iyong ginawa? Ano ang mga responsibilidad mo sa trabahong ito, at ano ang iyong mga natutunan sa mga ito?

WORD

Ipagkatiwala mo sa Panginoon ang lahat ng iyong gagawin, at magtatagumpay ka. **MGA KAWIKAAN 16:3**

Kung ating hihingin ang tulong ng Diyos sa ating mga trabaho, kung ating ipagkatiwala sa Kanya ang ating mga ginagawa, Kanyang bibigyan ng katagumpayan ang ating mga plano. Taliwas sa tanyag na paniniwala, ang trabaho ay hindi kailangang maging nakayayamot o nakaiinip, o maging isang kaparusahan. Kaya ng Diyos na tayo ay gawing matagumpay sa lahat ng ating ginagawa. Sa paksa na ito, ating aaralin ang ilang maling kaisipan at ang mga katotohanan tungkol sa trabaho ayon sa Salita ng Diyos.

1 Ang trabaho ay isang biyaya at hindi isang sumpa.

¹⁵Pinatira ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden ang taong nilikha niya para mag-alaga nito. ¹⁶At sinabi niya sa tao, "Maaari mong kainin ang kahit anong bunga ng puno sa halamanan, ¹⁷maliban lang sa bunga ng puno na nagbibigay ng kaalaman kung ano ang mabuti at masama. Sapagkat sa oras na kainin mo ito, tiyak na mamamatay ka."

GENESIS 2:15-17

Nang ilagay ng Diyos si Adan sa hardin, ito ay Kanyang inutusan na magtrabaho. Ang trabaho ay hindi bunga ng kasalanan. Sa simula pa lamang ay binigyan na ng Diyos ang tao ng responsibilidad na magtrabaho at maging isang pagpapala. Maging sa isang pinakamainam na kalagayan gaya ng sa halamanan ng Eden, nais na ng Diyos na magtrabaho ang mga tao. Bakit minsan ay nakikita natin ang pagtatrabaho na tila isang sumpa? Paano ito naging isang pagpapala sa iyo?

.....

.....

2

Ang trabaho ay isang kaparaanan, at hindi hangganan.

Pero ng isipin kong mabuti ang lahat ng ginawa at pinaghirapan ko, naisip ko na walang kabuluhan ang lahat ng pinagsikapan ko rito sa mundo. **ANG MANGANGARAL 2:11**

Ang pagtatrabaho ay hindi ang ating layunin sa buhay. Gaya ng sinabi ng pinakamatalinong tao na nabuhay sa mundo, ang hanapin ang kahulugan ng buhay sa ating trabaho ay walang kabuluhan. Ang trabaho ay isang kaparaanan upang maparangalan ang Diyos araw-araw. Kung ating titingnan ang trabaho bilang ating layunin sa buhay, paano tayo mamumuhay? Kung ang trabaho ay paraan upang parangalan ang Diyos, paano tayo mamumuhay?

3

Magtrabaho para sa Diyos, at hindi para sa tao.

Anuman ang gawin ninyo, gawin ninyo ito nang buong katapatan na parang ang Panginoon ang pinaglilingkuran ninyo at hindi ang tao. **MGA TAGA-COLOSAS 3:23**

Bilang mga tagasunod ni Jesus, tayo ay nagtatrabaho hindi upang ikasiya lang ng tao o ang makuha lang ang kanilang papuri. Tayo ay nagtatrabaho upang mamuhay para sa ikalulugod ng Diyos at para sa Kanyang karangalan. Kung tayo ay magtatrabaho para sa tao, tayo ay madidismaya at mawawalan ng tiwala sa sarili. Subalit kung tayo ay magtatrabaho para sa Diyos, gagawin natin kung ano ang tama at makapagbibigay ng karangalan sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng pagtatrabaho ng buong puso? Paano mo magagawang magtrabaho ng buong puso?

APPLICATION

- Ano ang iyong pananaw sa trabaho? Sa paanong paraan mo magagawang baguhin ang iyong pananaw simula itong linggo upang maitugma ito sa gawain ng Diyos?
- Paano mo maihahayag ang iyong pasasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng trabaho na iyong ginagawa araw-araw?
- Kanino mo magagawang ibahagi ang iyong mga natutunan tungkol sa trabaho sa linggong ito? Isipin ang isang tao na maaari mong mabigyan ng lakas ng loob sa pamamagitan ng iyong mga natutunan, at hingin sa Diyos na tulungan kang maging isang pagpapala sa taong ito.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng responsibilidad at kakayanan na magtrabaho. Ipanalangin na ikaw ay maging isang mabuting tagapangalaga ng buhay at kakayanan na Kanyang ibinigay sa iyo.
- Ipanalangin na ikaw ay magkaroon ng pang-unawa sa trabaho na naaayon sa Bibliya, at na ikaw ay laging magtatrabaho para sa Diyos at hindi para sa tao.
- Ihayag ang pagpapala ng Diyos sa mga taong kasama mo sa iyong trabaho at sa mga taong iyong pinagtatrabahuhan. Ipanalangin na ikaw ay maging asin at ilaw sa lugar kung saan ka nagtatrabaho.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph